Australian Government
Department of Social Services

Sapilitan at Maagang Pagpapakasal

Malubhang krimen sa Australya ang sapilitang pagpapakasal ng sinumang tao.

Sa Australya, malayang magpasya ang mga tao kung sila ay magpapakasal o hindi. Kalimitan, dapat ay mahigit **18** anyos ang edad upang legal na maikasal. Sa ilang pagkakataon ang isang taong mahigit 16 ang edad ay maaaring ikasal, ngunit ito ay nangangailangan ng pahintulot ng korte.

Ang isang tao ay dapat sumang-ayon sa kasal nang hindi pinilit at nilinlang.

Ang inareglong kasal na malayang sinang-ayunan ng dalawang tao ay iba sa sapilitang kasal. Ang mga inareglong kasal ay legal sa Australya.

Kung ikaw o kakilala mo ay nanganganib, tawagan ang pulisya sa **000**.
Ligtas at mapagkakatiwalaan ang pulisya sa Australya.

Para sa libre at kumpidensyal na payo at suporta, tawagan ang 1800 RESPECT sa **1800 737 732**.

Kung nangangailangan ka ng libreng interpreter, tawagan **131 450**.

Hindi legal ang kumuha o magpadala ng sinuman sa ibang bansa para sapilitang ipakasal o mag-utos kaninuman na ayusin ito.

Ang sapilitan at maagang kasal minsan ay may kaugnayan sa paglilipat ng mga tao sa ibang bansa o sa lampasan ng mga hangganan nang labag sa kanilang kalooban, at ito ay hindi legal.

Ikaw ba, o ang kakilala mo ay nasa panganib?

Tawagan ang **Pulisyang Pederal ng Australya (Australian Federal Police)** (AFP) sa **131 237**. Ang AFP ay maaaring magbigay ng paunang payo at magsangguni sa mga biktima ng pinilit at maagang kasal o pangangalakal ng tao para sa suporta, kabilang na ang akomodasyon, suportang pinansyal, pagpapayo at payo sa batas.

Para sa higit pang impormasyon sundan ang link sa website ng AFP sa **www.afp.gov.au**.

May iba pang mga serbisyo sa Australya na makatutulong.

Ang **1800 RESPECT (RESPETO)** ay Pambansang Serbisyo sa Pagpapayo sa Sekswal na Pag-atake, Karahasan sa Pamamahay at Pamilya sa Australya (Australia's National Sexual Assault, Family and Domestic Violence Counselling service). Nagbibigay ito ng libre, kumpidensyal na pagpapayo at impormasyon sa telepono at online. Pakikinggan ka ng mga tagapayo, sasagutin ang katanungan mo at maaaring isangguni ka sa iba pang mga serbisyong suporta sa lokal na lugar mo.

Tawagan ang **1800 737 732** o puntahan ang website ng 1800 RESPECT **www.1800RESPECT.org.au**.

Kailangan mo ba ng interpreter?

Tawagan ang **Serbisyo sa Pagsasaling-wika at Interpreting (Translating and Interpreting Service)** (TIS) nang libre sa **131 450**. Makatutulong ang TIS para maiugnay ka sa iba pang mga serbisyo. Ang TIS ay hindi nagbibigay payo.

Para sa higit pang impormasyon ukol sa sapilitang kasal at pangangalakal ng tao:

Sundan ang link sa webite ng Kagawaran ng Punong Tagapayong-Legal (Attorney-General's Department) sa **www.ag.gov.au.**